Magasin ng Bagong Buhay

Linggo, Nobyembre 4, 1951









Ang ating naliligalig ngayong mga nangangalaga sa kapayapaan ay magtatagumpay sa kanilang layunin kung kukunan nila ng halimbawa ang mga sinundan nilang lalong nagwagi sa kanilang gawain. Sasang-ayunan ng mga Molotov at Romulo ngayon na ang sanduguang nilakipan ng pagtutunggaan ng dugo ay madaling isagawa at makatuturan. Sa kaunting dugo, nakuha nina Sikatuna at Legazpi na mabigkis sa pagkakaibigan ang dalawang lahi. Dahil sa matatag sila sa pasiya ay malaki ang kanilang natamo—sa kaunting puhunan.

Ang mga pangyayaring tulad nito ay iilan at pambihira ang isa ay karaniwang kinakailangang "magtigis" nang marami—upang may matamong marami. At paulit-ulit na nasasaksihan ang kasaysayan, kahi't sa lalong malaking yugto sa SANTA MESA HEIGHTS na doon ay maraming mamamayan ang bumili ng lote sa napakaliit na halaga. Tunay, sa aming San Jose Project sa SANTA MESA HEIGHTS, ang maliit na puhunan ay maibibili rin nang malaki!

- Ito ay malapit sa Maynila.
- Ito ay siyang Pintuan sa pagtungo sa Pook ng Kapitolyo.
- Ito ay mararating mula sa lahat ng dako ng Maynila at magdaraan sa mga lansangang aspaltado.
- Ito'y naghahandog sa inyo ng paninirahan sa nayon sa kanyang sukdulang kasiyahan, taglay ang lahat ng kaluwagan sa pamumuhay sa nayon na malapit sa Maynila.
- Ito'y ipinagbibili sa ilalim ng paraan na magaan na pagbabayad ng hulugang makakaya NINYO.

GREGORIO ARANETA INC.

J. Araneta Bldg. 343 Echague, Manila Tel. 3-29-41


## Mga Natatanging Likha ng LVN



*Bukod sa pagiging isang makisig na mangingibig, si Jaime de la Rosa ay isa ring mahusay na mang-aawit sa "PROBINSIYANO" ng LVN. Makikitang inaawitan niya ang ilang kanayon...*



*Isang tagpo sa "DIMAS" (Tulisang Banal) na pinamamahalaan ni Nemesio Caravana. Hango ito sa isang kasaysayan sa Banal na Kasulatan, at tinatampukan nina Rogelio de la Rosa, Lilia Dizon at Rosa Rosal.*



*Ito'y kabilang sa mga nakakatawang tagpo sa "2 PRINSIPENG KAMBAL" na kasalukuyang itinatanghal sa Life Theatre. Minsan pang pinatutunayan ng "Dalawang Kalbo" sa pelikulang ito ang kanilang katangian bilang kambal na mapagpatawa sa puting-tabing.*



## BAKIT KAYA?

*Bakit kaya sa puso ko'y sumibol pa ang pag-ibig,*
*Ngayong ako'y aayaw nang umibig pa at magtiis?*
*Bakit kaya kung masdan ko ang pisngi ng aking langit*
*Ay lagi nang may kakimbal ng ulap ng dusa't sakit?*
*Bakit kaya kung dinggin ko pati ibong umaawit*
*Ay may saliw na tugtugin ng himutok, hikbi't hapis?*
*Ah! magbalik ka, giliw ko, bakit mo ba tinitikis*
*Ang buhay tang pinag-isa'y maging hiblang patid-patid?*

*Di ba noong minsang tayo'y ipaghele ng pangarap*
*Nangako kang kailan ma'y di lilimot... di kukupas?*
*Bakit ngayon, nasaan ka, ang sumpa mo ba'y bulaklak*
*Na mabango't sakdal dikit dapwa't dagling lumilipas*
*Hindi baga't katunayang may luha pang nangalaglag*
*Nang sambitin ang pangakong tanging ako ang pagliyag?*
*Nguni't ngayong tigib-dusa't sakbibi ng madlang saklap,*
*Bakit mo ba natitiis... nililimot... nililibak?*

*Lahat ngayon kung masdan ko sa ulilang hardin natin,*
*Malulungkot... walang awit... walang aliw... parang libing!*
*Mga bakas ng kahapo'y parang multong naninikil*
*Nanunukso't nananakot sa puso kong naninimdim!*
*Pati hanging dati-dati'y may kundiman at tulain,*
*Kung pakinggan ko'y plegaryang may malungkot na tugtugin!*
*Halina't sa dating pugad ng pangarap at paggiliw*
*Ay minsan pang buhayin ta ang ligayang naging atin!*

*Kapag, giliw, nahuli ka't ako'y di mo inabutan,*
*Sa tabi ng punong-dapdap, hanapin mo't mamamasdang*
*May ulila't munting krus na doon ay nagbabantay;*
*Basahin mo't nakatitik ang nilimot na pangalang*
*Minsa'y tanging minahal mo nang higit sa iyong buhay!*
*At kapag may narinig kang mga huning parang dasal,*
*Yaon, giliw, ay katingay ng puso kong nagdaramdam*
*Na sa muling tibok niya'y tinawag ka: "Aking Mahal...!"*

***—TOMAS N. AGUIRRE***

—oOo—

## SONETO

**. . . kay Edith**

***Tayo na, mahal ko, sa dalampasigan***
***At muli tang damhin ang hanging amihan;***
***Doon ang pagsuyo'y walang kamatayan,***
***Ligaya ng puso'y laging nabubuhay.***


***Halika, giliw ko, at ating malasin***
***Ang ganda ng isang maayang tanawin;***
***Ganyan ang larawan ng ating paggiliw,***
***May pintig ng pusong walang pagmamaliw.***

***Hala na sinta ko't bigyang kahulugan***
***Ang salpok ng alon sa tabi ng pampang;***
***Yaon ang labi mong nang aking halikan***
***Ikaw'y nagsaalong humalik din naman.***

*(Maganda ang lahat sa ating paningin*
*Sapagka't ang araw'y bagong nagniningning!)*

*ROLANDO FADUL OCAMPO*


# Tingnang UNA ANG PILIPINAS...



*(Kagandahang-loob ni FELIPE GOCO; Malabon, Rizal)*

Maglakbay na patimog sa daan sa may Look ng Maynila at tingnan ang isang katibayan ng sining na Pilipino at ng katutubong kadalubhasaan sa arte: ang ORGANONG KAWAYAN sa Simbahan Katoliko sa Las Pinyas, Rizal. Nag-iisa sa kanyang uri sa buong daigdig, ang instrumentong ito sa musika ay nagtatampok sa kasaysayan ng arte sa Pilipinas. Kung hahatulan sa kariktan at pagka-masining ng pagkakayari, masasabing ito'y isang ambag sa sining at sa tinatawag na mahusay na kayarian... katulad din naman nang ang mga sapatos na gomang JACINTO ay isang angkop na abuloy sa makabagong pinakahuling paraan sa paggawa ng sapatos at sa dalubhasang pagkakayari kayo ng walang kapantay na kasiyahan sa pagsusuot ng mga sapatos na gomang JACINTO.

**Tingnang una ang Pilipinas at "umangat sa hangin" sa pamamagitan ng JACINTO.**




***Tagubilin: Gumamit ng puting pang-tenis na sapatos.***


**Ang maingat na pagsubok sa laboratoryo at sa larangan ay siyang humilikha sa mga Sapatos na Gomang Jacinto upang piliin ng mga dalubhasa sa Pamahalaan at sa Hukbo sa ibabaw ng ibang tatak.**

Jacinto
RUBBER & PLASTICS CO., INC.
5TH AVENUE, GRACE PARK · TEL. 2-67-67

**GANTIMPALANG SALAPI!!**

**Magbabayad kami ng P20.00 sa magpapadala ng anumang larawang kuha sa kapuluan na mahalaga sa mga turista, na mapipili ng bahay-kalakal na ito upang ilathala kaugnay ng yugtu-yugtong anunsiyong ito. Ang larawan ay kailangang lakipan ng mga tala, gaya ng kinaroroonan, mga paraan at kailangan upang makarating sa naturang pook, at iba pa. Ipadala ang inyong mga kuhang-larawan at isang sobreng kinasusulatan ng inyong tirahan sa M. M. de los Reyes Advertising Agency, Box 606, Maynila.**




## SA LIBING NI FERNANDO POE



Nang nagdaraan sa Quezon Boulevard ang libing ni Poe matapos ganapin ang mga kaukulang luksang parangal. Ang mga lansangang dinaanan ng libing ay natigib ng maraming taong nakikidalamhati sa maagang pagyao ng kanilang paboritong direktor-artista-prodyuser.



Nang ilinalagak na sa "huling hantungan" ang bangkay ng yumaong bituin. Nagsaliw-saliw ang nakababagbag-pusong panangisan ng mga naulila, lalo na ang kabyak ng yumao na makikita sa dakong likuran.




Sa may pagkapasok ng libingan ay nag-aabang din ang makapal na taong nais sumaksi sa natatanging libing. May nagsiakyat pa sa mga punong-kahoy upang ganap na masilayan ang karo at kabaong.






Si Donya Sisang Vda. de Leon, pangulo ng LVN Pictures, ay makikita sa piling ng mga tanyag na bituin at direktor sa puting-tabing nang ipagdiwang ang kanyang ika-74 na kaarawan. noong Lunes. Nasa likuran ni Donya Sisang si Dr. Ciriaco Santiago ng Premiere na kabilang sa mga nagsibati at nakilugod sa kaarawan ng "Ina ng mga Pelikulang Tagalog."



## Sa Kaarawan Ni Donya Sisang . . .

**Mga larawang kuha ni TITO V. CARBALLO**

Si Rosa Rosal, Tony Santos at iba pang bituin sa pinilakang-tabing ay nangagtatamasa ng masasayang sandali sa harap ng isang hapag ng masaganang pagkain sa istudyo ng LVN. Isang matamis na halik na lakip ang taos-pusong pagbati ang unang inihandog ni Rosa sa kay Donya Sisang.

Sa unang larawan sa kanan ay makikita sina Pugo at Togo na masayang napakuha ng larawan sa piling ng iba pang mga bituin. Kabilang sila sa mga unang bumati sa kaarawan ni Donya Sisang sa pamamagitan ng pagpapatawa sa kanilang "Mama." Sa isang larawan ay si Rosa Rosal nang sumasayaw ng "Mambo."





# Mahigpit na Pagsubok



**Kuwento ni LIGAYA O. MUYOT**

**SA ISANG MAHIGPIT NA PAGSUBOK NA ISINAGAWA NG LALAKI AY NAPATUNAYAN NIYA ANG KADAKILAAN NG KABYAK KAYA LALON GNAPAMAHAL IYON SA KANYANG PUSO**

ISANG katok sa pintuan ang pumukaw sa tahimik na pagbabasa ni Remy. Nakangiti pang nagtindig sa pagkakaupo at masiglang binuksan ang nakapinid na pintuan sa pag-aakalang ang dumating ay ang kabiyak ng dibdib, si Arturo.

Nguni't nagkamali ng akala si Remy. Hindi ang kabiyak ng puso ang bumulaga sa paningin. Isang matandang lalaki't isang matandang babae ang nagbigay-galang sa kanya.

—Wala pa po si Arturo,—ani Remy nang malamang ang pakay ay ang kanyang asawa,—maghintay na kayo't darating na iyon.

Pumasok ang dalawang matanda sa kabahayan.

—Tila kayo ang maybahay ni Arturo,—anang matandang babae.

Isang tango lamang ang isikad na negosyo?

Nagkatinginan muna ang dalawang matanda bago sumagot ang matandang lalaki.

—Iyon nga po!

—Remy,—tawag ni Arturo sa asawa,—alam mo, sila ay mga kausap ko tungkol sa isang negosyo na sa palagay namin ay mapagkakakitaan nang malaki. Sasama muna ako sa kanila. Hindi ako magtatagal.

At, si Remy ay muling naiwang nag-iisa, nag-iisip. Matay mang iwaglit sa gunita ang anyo ng tatlo samantalang nag-uusap, natitiyak niyang hindi nagkakamali ang kanyang puso sa pagsasabing may lihim pakli ng lalaki.

—Arturo, saan ka galing ngayon? Sino ang dalawang matandang sumundo sa iyo? Hindi ako naniniwalang sila ay may kinalaman tungkol sa iyong negosyo.

Sandaling naghari ang ganap na katahimikan sa kanilang dalawa. Pamayamaya, pinukaw ni Arturo ang kanilang pananahimik.

—Remy,—anya,—totoo ang iyong hinala. May ipinaglilihim nga ako sa iyo.

—Arturo, malabis kong pasasalamatan kung bubuksan mo sa akin ang iyong dibdib. Ang isang kabiyak ng dibdib ay nakalaang magpakasakit alang-alang sa ikaliligaya ng isa.—At si Remy ay tuluyan nang napaluha.

—Huwag kang lumuha, Remy. Natatakot akong sugatan ang iting puti ang lumagpak sa kanyang paanan.

—Arturo!—Nasabi ni Remy.—Kalapating puti!

—Ano kaya ang ibig sabihin niyan?

—Natatakot ako!—Ani Remy at humawak sa bisig ng asawa.

—Remy, talaga yatang inusig ako!

—Naninindig ang aking balahibo. Hindi ko malaman kung bakit.

—Ipagpatuloy mo ang iyong sasabihin, Arturo ipagpatuloy mo.

—Remy, yayamang mapilit ka, bubuksan ko na ngayon sa iyo ang aking dibdib. Alam mo, ang dalawang matandang naparito kanina ay mga magulang ni Dolores. Ang Dolores na iyon ay isang babaing sa mula't mula pa'y kinahalataan ko ng mabuting pagtingin sa akin. Hindi ko siya pansin, nguni't isang araw, nang kaming dalawa lamang ang naiwan sa tanggapan, hindi ko malaman kung bakit nanulas sa aking mga labi ang mga katagang lubnukli ni Remy na nilakipan pa ng isang matamis na ngiti.

Hindi naglipat-sandali, muling nakarinig si Remy ng ilang katok sa pintuan. Nagtindig siya at binuksan ang pinto.

—Ginabi ako, Remy, pagka't may dinaanan pa akong isang kaibigan—bungad ni Arturo.

—May naghihintay sa iyo,—pagbabalitang pakli ng babae.

—Sa akin? Sino?

—Sila!—At itinuro ang dalawang matandang nakaupo.

—Kanina pa ba sila?—Naitanong ni Arturo.

—Ngayun-ngayon lamang.

Tuluy-tuloy na pumasok si Arturo sa kabahayan. Nang makita ng dalawang matanda ang pagdating ni Arturo, magkasabay halos na nagtindig, at:

—Naparito kami upang...

Hindi na naipagpatuloy ng dalawang matanda ang pagsasalita pagka't hinadlangan na ni Arturo.

—Dahil po ba sa ating nilalana itinatago ang minamahal na kabiyak ng dibdib.

Maghahatinggabi na nang dumating si Arturo sa kanilang bahay.

—Hindi ka pa natutulog, Remy?

Isang iling lamang ang itinugon ng babae. Ang gayon ay napansin ni Arturo kaya't nagpatuloy ito sa pagtatanong.

—May dinaramdam ka ba?

—Wala akong karamdaman, Arturo. Mayroon lang akong suliranin.

—Suliranin? Tungkol saan? Gusto mo bang bumili ng bagong sapatos, damit, at...

—Hindi, Arturo. Sapat na ako sa mga bagay na iyan subali't...

—Hindi kita maunawaan, —may himig-pagaalinlangang yong puso, kaya't huwag mo nang dulutan ng bagabag ang iyong kalooban. Bayaan mo nang ako na lamang ang makaalam ng aking itinatagong lihim.

—Kung ganyan ang iyong katwiran, lalong lalalim ang sugat ng aking puso sapagka't sa bawa't sandali, wala akong iisipan kung hindi ikaw, Arturo.

Nang mga sandaling iyon, wala nang maapuhap na pangungusap ang natitigilang lalaki.

—Remy, pahintulutan mo muna akong makapagpahinga. Bukas ko na sasabihin sa iyo ang lahat.

At pagkasabi nito, si Arturo ay nagtindig sa pagkakaupo, nguni't hindi pa halos naihahakbang ang mga paa patungo sa kanilang silid, isang kalapahang nagpataba sa kanyang puso. Hindi ako naghirap. Sinagot niya agad ang aking pagibig. Subali't anuman ang aking gawin, hindi ko malaman kung bakit sumasapit ang oras na ako'y nasusuklam sa aking sarili sapagka't batid kong ang babaing iyon ay walang pitak sa aking puso. Nang ikaw ay aking makilala, ikaw ang aking pinakasalan sapagka't ikaw ang tunay kong iniibig.

Sandaling huminto si Arturo sa pagsasalita. Lumunok muna bago pamuling nangusap.

—Nitong mga huling araw, lagi akong binabagabag ng kanyang mga magulang at kapatid. Sinusundo ako sa upisina. Isinasamong puntahan ko

(Buklatin sa pahina 12)

**Kuwento ni CONSOLEDAD CRUZ CASTRO**

# Hamak na Dakila



**ANG ASO AY DI NATIN DAPAT PAGLUPITAN SAPAGKA'T ITO'Y MATAPAT NA ALIPIN NA LAGING HANDANG DUMAMAY SA PANGINOON**

PATUNGO na ako noon sa paaralan. Nagmamadali ako sapagka't iilang minuto na lamang ang nalalabi sa akin upang abutin ko pa sa oras ang aking klase. Pati ang aking agahan ay hindi ko na nakuha pang harapin bagama't nakahanda na sa aming hapag.

—Ano, aalis ka na naman nang hindi pa kumakain? Kaya ka lalong namamayat! —ang wika ng aking pinsan nang makitang dala ko na ang aking mga aklat at paalis na ako.

—Hindi naman ako nagugutom eh, at saka wala na akong panahon, —ang nagagahol kong tugon.

Hindi pa ako gaanong nakalalayo ay nakarinig ako ng maliliit subali't mabibilis na yabag na parang nakikipaghabulan sa akin. Nilingon ko kung sino yaon, at sa aking pangmasid ay nalantad si Brownie, ang aming aso, na putikang-putikan at maruming-marumi. Nahulaan ko na agad ang nais niyang gawin kung gayon ang kaniyang ikinikilos kaya ako'y biglang sumigaw.

—Huwag, Brownie! Marurumihan ako.

Subali't hindi ko rin nakuhang pigilin si Brownie. Idinantay niya sa aking malinis at puting-puting uniporme ang kaniyang marurumi at putikang paa. Talagang gayon si Brownie, malambing at makiya. Ang gayon niyang ikinikilos ay nagpapahiwatig ng galak at pagbati. Kung ako'y walang ginagawa ay nalulugod akong makipagbiruan sa kaniva. Ang kaniyang ulo ay madalas niyang isandig sa aking mga hita bagay na ikinalulugod ko naman, at bilang pagtugon ay hihimas-himasin ko ang kaniyang ulo. Ganyan siyang lagi at sa buong akala niya marahil ay ganoong lahat ang sandali. Subali't hindi ito ang sandali nang pakikipag-Jaro. Ako'y nagmamadali at isa pa'y maruming-marumi siya. Aywan kung saan siya nanggaling. At ako'y pinagharian ng matinding poot sa nagawa niyang pinsala sa akin. Napuno ng putik ang aking puting-pûting kasuotan at kinakailangang muli pa akong magpalit ng damit. Ang gayo'y nangangahulugan ng aking tiyak na pagkahuli sa aking klase. Kaya ang matinding pagkapoot na naghari sa akin ay ipinahiwatig ko sa walang tigil na paghampas sa kaniya. Pagkatapos ay maluha-luha akong pumanhik na muli sa aming tahanan upang magpalit ng damit.

Habang ako'y nagbibihis ay hindi ko naman tinatantanan ang paglait kay Brownie, bagama't sa kaniyang mga kilos ay nabakas ko ang pagsisisi at kalungkutan sa nalikha niyang pinsala sa akin. Sa aking ginawang pagpaparusa sa kaniya ay hindi man lamang siya nagtangkang lumaban. Ang tanging napuna ko'y ang dagling paglalaho ng galak at siglang kanikanina lamang ay taglay niya. Ito'y nahalinhan ng matinding kalungkutan at pagkapahiya na ipinahihiwatig ng pagtamlay ng kaniyang kilos, pagiamlam ng kaniyang mga mata at pagbababahag ng kaniyang magandang buntot. Tungo ang ulong tinanggap niya at pinagtiisan ang mga hampas na hindi rin naman biru-birong pinadapo ko sa kaniyang katawan. Nang ako'y pumanhik ay malungkot, siyang umuwi ng bahay at naupo sa isang sulok ng aming tahanan.

Nang makapagpalit na ako ng damit ay nagmamadali akong lumisan. Habang daan ay nagngingitngit pa rin ako. Kalahating oras akong naantala at sa loob ng kalahating oras na yaon ay malaking bagay na ang nawala sa akin pagka't nababatid kong marami na ang naipaliwanag ng aming propesor. Ito'y nangangahulugan ng malaking kawalan para sa akin at pagiging huli ko sa aking mga kamag-aral.

At hindi nga nagkabula ang aking hinala. Iilang sandali pa lamang akong nakakapasok sa aming silid-aralan ay natapos na ang ipinaliliwanag ng aming propesor. Lalo nang naging mainit ang aking ulo at lahat na ng sisi ay ibinagsak ko kay Brownie.

Hanggang sa umuwi ako ng tanghaling yaon ay hindi pa rin nagbabawa ang aking pagkapoot kay Brownie. Nang sandaling matapunan ko siya ng titig ay hindi na ako nag-aksaya pa ng panahon. Sa pamamagitan ng nadampot kong sinelas ay walang hunusdili kong pinagpapalo siyang muli. Sa tindi marahil ng naramdamang sakit napayak siya, subali't hindi man lamang iyon nakapagbawa sa tinataglay kong poot. Mahalaga sa akin ang pag-aaral kung kaya't ang kaunting bagay na di ko nakuha ay labis kong dinamdam. Naiiyak na rin ako sa matinding galit. Malakas na rin ang iyak ni Brownie na parang napaaawa. Nguni't nawalan na yata ako ng habag nang mga sandaling yaon. Mainit na mainit ang aking ulo at kung hindi pa lumapit si Lody na umiiyak na rin sa pagkaawa kay Brownie ay hindi pa marahil ako magtitigil.

—Tama na, ate, kawawa naman si Brownie. Masakit na masakit na ang katawan niya!—ang umiiyak na wika ni Lody, at niyakap ang aming aso.

Parang isang nalulunod na nakasumpong ng timbulan ay isinandig ni Brownie ang kaniyang ulo sa dibdib ng kaniyang tagapagligtas, kasabay ang pag-agos ng masaganang luha sa kaniyang mata at ang mahinang pagdaing.

Hinimas-himas ni Lody ang ulo at katawan ni Brownie upang ipadama marahil ang malaki niyang pagmamalasakit dito. Sa nakita kong yaon ay pinilit ko na lamang pigilin ang aking sarili sa malaking pagkapoot. Dali-dali akong lumabas ng silid.

Simula ng araw na yaon ay hindi ko na nilalaro pa si Brownie. Hindi na rin siya naglalambing sa akin na tulad ng dati. Naging mabigat na mabigat ang loob ko sa kaniya kung kaya't sa kaunti niyang pagkakamali ay hindi siya pinatatawad ng aking mga kamay. Ayaw ko na siyang makikitang pumapanhik ng aming tahanan. Sa sandaling makita ko siyang papanhik pa lamang ay agad ko nang ipinagtatabuyan. Nababagot ako kani't na sa nalilikhang bakas ng kaniyang maruruming pâa sa aming sahig. Ang pagkamuhing nalikha niya sa akin simula ng araw na yaon ay hindi ko na malimot pa, kaya't wala na siyang makita pang giliw sa akin.

**(Buklatin sa pahina 12)**

# Ganyan Lamang



# ang BUHAY

ni Aida B. Martinez

MUHING-MUHI si Mang Panyong sa kanyang mga pamangkin lalung-lalo na kay Kadio. Ipinalalagay niyang sa gulang ni Kadiong may labing-anim na taon na ay dapat na itong makakita ng sariling ikabubuhay at huwag nang umasa pa sa kanya. Ginagawa namang lahat ni Kadio ang kanyang makakaya upang siya'y may pagkakitaan subali't talaga yatang siya'y inaalat kung kaya't pag-uwi ng bahay ay laging malata ang katawan pagka't laging wala siyang nakikita. Sa gayon nang nagayo'y lalong nag-ibayo ang pagkamuhi sa kanya ng kanyang tiyo Panyong.

Sa simula'y hindi sana inaalintana ni Kadio ang pagmamasungit na ito sa kanya pagka't ang kawikaan niya'y maaaring balang araw ay magkaroon siya ng mabuti-buting hanap-buhay, sa gayon ay makagaganti rin siya sa napakalaking utang na loob niya rito. Subali't nang isang umagang pati ang kanyang dalawang maliit na kapatid ay magising sa pagmumura ng kanyang tiyo Panyong ay napilitan na rin siyang sumagot sa matanda.

—Tiyong, — ang simulang salag ni Kadio, — bakit po naman napakalupit ninyo sa aming magkakapatid?

—Ha, at may gana ka pang magtanong? Hindi mo ba nakikita't sa aming pagkagipit ay nakabibigat pa kayo sa amin? At ikaw, ano ang iyong ginagawa? Bakit hindi ka man lamang maglakad nang maglakad upang may kitain ka?

—Naglalakad po ako, Tiyo Panyong, subali't talaga pong wala akong makita, — ang pagtatapat ni Kadio.

—Kung wala'y magnakaw ka — ang sa matinding pagkamuhi ng matanda ay nasabi sa pamangkin.

Si Kadio ay napakagat-labi. Hindi niya napigil ang paglalandas ng ilang patak na luha. Habag na habag siya sa kanyang maliliit na kapatid na walang kamalayan sa mga nangyayari kaya't hindi nadarama ang kanilang kaapihan. O, kung nabubuhay lamang ang kanyang mga magulang, disi'y hindi nila sinapit ang ganitong aglahi ng palad. Subali't naroon na rin lamang ang lahat kaya't binuo ni Kadio sa kanyang sarili na magpakatatag at labanan ang daluyong ng malabis na pagpapakasakit.

Isang araw ay tuwang-tuwang umuwi sa kanilang bahay si Kadio. Ibinalita sa kanyang Tiyo Panyong na siya'y kinukuhang magtarabaho sa loob ng arsenal ng isang opisyal na amerikano at pasasahurin siya ng apat na pung piso isang buwan. Si Mang Panyong ay nagalak sa gayong balita. Iniisip niyang makatutulong na rin sa kanyang paghihikahos si Kadio at ang dadamitin ng mga kapatid nito'y hindi na sa kanyang lukbutan manggagaling.

Kinalunesan nga ay nagsimula na si Kadio sa kanyang gawain. Naglingkod siya sa isang opisyal bilang utusan. Nabuhos namang lubos ang loob ng nabanggit na opisyal kung kaya't gayon na lamang ang naging pagkagiliw nito kay Kadio. Nang malaman nitong si Kadio ay may dalawa pang kapatid na maliliit ay isinama ito sa kabayanan at bumili ng kung anu-anong makakain at damit para sa kanila. Pagdating ng sahuran ay ibinigay ni Kadiong buong-buo ang kanyang kinita na may tuwa namang tinanggap ni Mang Panyong.

Isang araw ay tinawag si Kadio ng kanyang amo. Sinabi ng opisyal na siya'y maliliipat ng destino kaya't ibigin man niyong magpatuloy si Kadio ng paglilingkod sa kanya ay di mangyayari pagka't sa pook na kanyang paroroonan ay di maaaring manirahan ang sino man kung walang pahintulot ang pamahalaan doon, kaya't si Kadio ay muling nawalan ng gawain.

Nagsimula na naman ang kalbaryo ni Kadio. Nang malaman ng kanyang Tiyo Panyong na siya'y wala nang pinapasukan ay tandisan nang sinabi sa kanya na siya'y humanap ng ibang matitirhan. Hindi na siya nangatwiran pa. Wala siyang ipinakiusap kundi pabayaang ang kanyang dalawang maliliit na kapatid ang manatili sa pagpapala nito at saka niya kukunin kung sakali. Salamat nama't hindi tanteng naging masama si Mang Panyong at pumayag sa pakiusap ni Kadio, kaya't siya na lamang ang umalis at umiba ng tirahan.

Si Kadio ay naging parang isang timawa. Nagpapalipat-lipat siya ng tirahan. Salamat na lamang at dahil sa kabutihang makisama ng kanyang mga magulang noong ang mga ito'y nabubuhay pa kaya bawa't lapitan ni Kadio ay naghahandog sa kanya ng tulong. Walang nasasabi si Kadio sa mga ito kundi siya ay makagaganti rin balang araw.

Nakalipas pa ang may ilang buwan. Laban sa inaasahan ni Kadio, isang hapon ay tinawag siya ng isang naging kasama sa loob ng arsenal. Ayon dito, siya ay hinahanap ng opisyal na dati niyang pinaglingkuran pagka't napabalik sa kanilang bayan. Ang tuwa ni Kadio ay gayon na lamang. Iniisip niyang siya'y magkakaroon na naman ng pagkakakitaan at sa gayon ay makatutulong siya sa kanyang Tiyo Panyong bagama't ito'y nagmalupit sa kanya nang gayon na lamang.

Pagdating ni Kadio sa kanyang naging amo ay tinarong siya kung nais niyang sumama sa Amerika pagka't ayon dito ay dalawang buwan lamang siya sa Pilipinas at babalik na muli sa kanilang bansa. Si Kadio ay walang pag-aatubiling sumangayon. Pinangakuan naman siyang lalakarin ang mga bagaybagay upang siya'y maisama sa pagpunta sa Bansa ng mga Dolyar.

**INILALARAWAN NG KUWENTONG ITO ANG ISANG BATANG INAPI NG KANILANG AMAIN, NGUNI'T SA HULI'Y NAGTAMO NG MAGANDANG KAPALARAN**

Dumating ang panahong dapat na lalis ni Kadio. Buong lungkot siyang nagpaalam sa kanyang mga kapatid pati sa kanyang tiyo Panyong. Ipinangako niyang kapag siya'y nakatipon ng kaunting halaga ay di niya malilimutang magpadala para sa kanyang maliliit na kapatid. Si Mang Panyong naman sa kabilang dako, ay hindi bumanggit ng anuman sa pamangkin. Tinubuan din siya ng kaunting habag lalo na nang sandaling yaong si Kadio ay maglalakbay ng napakalayo at di na niya maaabot ng tanaw.

Makalipas ang isang buwang paglalakbay-dagat ay dumating din si Kadio sa bansang Amerika na pinagdalhan sa kanya ng kanyang panginoon. Hindi kaagad siya nakasulat sa kanyang tiyo Panyong upang balitaan ito pagka't hindi pa niya batid ang pakaliwa't pakanan ng pamumuhay doon. Ang kaunting halagang sinahod ni Kadio ay inipamili niya ng kanyang unang kailangan sa paninirahan sa po-


**TEOTICO CLINIC**

URINARY DISTURBANCES
GENERAL SURGERY
X-RAY SERVICE

7-9 A.M. No. 2 Legarda,
2-3 P.M. Tanduay.

(10-12 A.M. / 4-7 P.M.) Calvo Bldg., Escolta

ok na yaon. Nang siya'y sumulat sa kanyang Tiyo Panyong ay ibinalita niya ang kanyang kalagayan at sinabi pa niyang baka balang araw ay makapagpadala siya ng kuwalta sa kanyang mga kapatid.

Dahil sa kabaitan ni Kadio na labis na nakalugod sa kanyang panginoon ay tinanong siya nito kung nais niyang magpatuloy ng pag-aaral. Sa simula'y hindi nakatugon si Kadio subali't nang maisip niyang kinakailangang siya'y matuto alang-alang din sa kanyang hinaharap ay buong-puso siyang sumang-ayon sa alok ng kanyang amo. Ang bagay na ito'y isinulat rin ni Kadio sa kanyang Tiyo Panyong kaya't nasabi niyang siya'y pagpaumanhinan pagka't siya makapagpapadala rin ng kuwalta kagaya ng kanyang naipangako sa una niyang liham.

Nang tanggapin ni Mang Panyong ang liham ay nagpuyos ang pagkamuhi sa pamangkin. Sinulatan nito si Kadio ng isang liham na mahahayap ang linalaman. Si Kadio naman, sa kabilang dako, ay hindi na tumugon yayamang wala rin lamang siyang maipadala sa kanyang Tiyo Panyong. Nagtibay siya sa kanyang pag-asang balang araw ay makagaganti rin siya nang ibayo.

Sa payo ni Tenyente Chester Hemann, nang makatapos si Kadio ng mataas na paaralan, ay pinakuha ng "Television and Radio Engineering," isang karunungang sa buong Amerika'y pinagkakakitaan ng limpaklimpak na salapi. At sapagka't si Kadio ay mahilig din lamang sa mga bagay na butingtingin kaya't buong puso siyang napahinuhod sa hiling ng kanyang tagapag-andukha.

Tatlong taon pa ang matuling nagdaan. Dahil sa malabis na pagsisikap ni Kadio ay nakatapos din siya sa kanyang mga pag-aaral. Hindi na niya kinailangang maghanap pa ng mapapasukan pagka't ang kanyang tagatangkilik ay may ilang malalaking sineng paupahan kaya't ang paglilingkod ni Kadio ay kinailangan dito. Si Kadio ay pinasahod kaagad ng limang-daang dolyar isang buwan sa pangakong pagkalipas ng isang taon ay daragdagan pa ito.

Ang tuwa ni Kadio ay gayon na lamang. Una niyang naisip ang kanyang dalawang maliliit

(Buklatin sa pahina 19)

# AWIT NG LANGAYLANGAYAN



**Ibig kong magbangon ang dilim sa dagat,**
**mula sa kanlura'y sa hangin yumakap;**
**sa langit, bayaang pumuti't malatag,**
**bago maging luhang sa lupa'y kumalat.**

—oOo—

**Nananabik akong ang mga halamang**
**may lanta nang daho'y maibsan ng uhaw;**
**saka iyang ilog na naging mababaw,**
**sa pampang na labi'y matuwang gumapang.**

—oOo—

**Nais kong hilatan ng daang magputik**
**ang gandang pangahas sumagsag sa init;**
**magpayong man siya't kupasin ang guhit,**
**sa tagas ang baro'y baka magkabahid.**

—oOo—

**Hangad kong makitang lumunti ang kulay**
**ng bawa't tanawing namutla sa araw;**
**ang daing sa tubig na dalas magkulang,**
**hindi na sasalang mapaiirugan.**

**—En. C. Aglehain**

## Mahigpit . . .

**(Karugtong ng nasa pahina 7)**

si Dolores na nakaratay sa banig ng karamdaman at laging pangalan ko ang tinatawag, subali't hindi ko sila pinaunlakan sapagka't nangangamba akong ikaw ay magdamdam. Kaninang naparito ang dalawang matanda, ako'y muling pinakiusapan. Tanging ako lamang, anila, ang maaaring magligtas sa kanilang anak sa bingit ng kamatayan sa pamamagitan ng pagpapakasal dito. Iniluhog nila sa aking ilihim na ako'y may asawa na, nguni't katulad din nang una, ako'y tumanggi, Remy, pagka't mahal ka sa akin...

—Arturo, napakadakila mo. Hindi ako nagdaramdam sapagka't batid kong sa isang sulok ng iyong puso ay nakakintal ang aking larawan. Arturo, isinasamo ko sa iyong magpunta ka sa kanya. Iligtas mo ang isang nilikhang nasa bingit na ng kamatayan upang sa gayon ay maging karapat-dapat ka sa mata ng Diyos.

—Nguni't Remy...

—Huwag ka nang magsalita, Arturo. Higit kailanman, ngayon ko kailangang magpakasakit alang-alang sa isang nilikhang natutong umibig nang labis sa iyo. Huwag mong ipaalam na ikaw ay may asawa. Sabihin mong ikaw ay naparoon upang siya ay huwag nang iwan. Sabihin mong sa lahat ng sandali'y wala kang hinahangad kung hindi ang kanyang kaligtasan upang sa gayon ay muling lumakas at bumilis ang tibok ng kanyang puso. At,

**(Buklatin sa pahina 18)**

——oOo——

## Hamak na Dakila

**(Karugtong ng nasa pahina 10)**

Isang gabi ay bigla na lamang akong pinukaw ng walang tigil na paghalinghing ni Brownie. Saglit kong iniangat ang aking ulo sa unan upang pagwariing maigi ang aking narinig. Hindi ako nagkamali. Si Brownie nga, at tila may dinaramdam. Narinig ko rin ang tinig ng aking ama. Tinatawag niya ang pangalan ni Brownie na para bagang pinupukaw sa isang malalim na pananaginip.

—Brownie...... Brownie... ku..... tsu...tsu.. tsu..

Napabalikwas ako sa aking pagkakahiga at tiningnan ko sila. Nalantad sa aking paningin ang latag na latag na katawan ni Brownie. Siya'y nangingitim at pinaiinom ng aking ama.

—Bakit, itay, ano ang nangyari kay Brownie?—ang tanong kong kinakabahan

—Nalason! Mayroon kasing ibig magsipagnakaw at ang isa'y nais pang pumasok sa iyong silid nguni't hindi makalapit pagka't tinatahulan at hinahabol ni Brownie. Talaga sanang babarilin ko nguni't nangakalayo na at nang habulin ko ay nakita ko ngang naghihirap si Brownie. Marahil ay hinagisan ng pagkaing may lason. Ku... eh kung inabutan ko sila, hindi sila pasasalahin ng aking baril!

Matapos na mapainom ni ama si Brownie ay inilapag nito ang kaniyang ulo. Patuloy pa rin sa paghalinghing ang kaawaawa. Naupo ako sa kaniyang tabi at siya'y tinapunan ko ng nahahabag na titig. Noon naman ay marahan niyang idinilat ang kaniyang mga mata. Nang ako'y tamaan ng kaniyang titig ay nabakas ko rin sa kaniyang mahinang anyo at kilos ang hangaring umilas. Kahi't na sa gayon niyang katayuan ay hindi pa rin naaalis sa kaniyang puso ang malaking pagkatakot sa akin. Noon ko napagkilala ang malaking kalupitang nagawa ko kay Brownie. Nabagbag rin ang matigas kong damdamin. Marahan akong lumapit sa kaniyang kinalulugmukan at sa nahahabag na tinig ay ipinahiwatig ko sa kaniyang hindi na ako napopoot. Sa unang pagkakataon ay hinagod na muli ng aking mga daliri ang kaniyang ulo at katawang lupaypay.

—Brownie... tsu.... tsu....

—Ang aking marahang wika. Pinipigil kong tumulo ang aking mga luha sa malaking pagkahabag.

Para namang isang munting bata na ipinagpilitan niyang maiangat ang kaniyang ulo upang maiunan sa aking kandungan. Naunawaan ko agad ang nais niyang gawin kung kaya't siya'y aking inalalayan at tinulungan. Hinagud-hagod kong muli ang kaniyang nanlalambot na katawan. Lalo namang naging kaawaawa ang kaniyang pagdaing at paghalinghing. Naliligalig na ako. Nag-uumapaw sa aking puso ang malabis na

**(Nasa pah. 13 ang Karugtong)**

## Nang Magdaan Ang Daluyong

(Karugtong ng nasa pahina 9)

ngit, ay dapat ipaging bakal sa tigas ng ating panatang makibaka tayo hanggang sa huling patak ng dugo upang siya'y maigupo nang puspusan.

Sa Pangulong Roosevelt, na sa malalagim na araw ng Corregidor at Bataan ay mataos na nangako sa atin, sa ngalan ng bayang amerikano, na mag-uukol ng tao at kayamanan ng Estados Unidos sa ating muling paglaya, ang araw na ito ay dapat ding maging araw ng ligaya dahil sa pagkatupad ng kanyang kapangakuan. Sa habang panahon nga ay tatanaw tayo sa kanya at sa bansang amerikano, ng utang na loob.

Kay Heneral McArthur ang digmaan ito, ay naging isang banal na tungkulin. Kaibigan at tagapagtanggol ng ating lahi, siya'y hindi nawalan ng pananalig sa katibayan ng diwa ng ating Bayan. Kanyang tinapos sa banal na labanang ito ang marangal na gawaing sinimulan ng magiting niyang ama, si Heeral Arthur MacArthur, n naoong ika-13 ng Agosto ng 1898 ay mapagwagíng nanguna sa isa ring hukbong amerikano upang palayain ang Maynila sa isang kapangyarihang taga-Europa. Si Heneral McArthur ay magkakapitak sa kasaysayan hindi lamang dahil sa kanyang mga tagumpay sa digma kundi gayon din sa matapat na pagtalima sa mga tuntunin ng pagkakapantay, sa pakikialam sa mga suliraning pambayan ng mga pook na nababawi na sa kaaway. Sa halip na magsamantala sa mga tagumpay ng hukbo upang magtatag ng pamahalaan nito, sa mga lupaing nababawi, ay naging matapat siya sa kanyang tungkuling Tagapagpalaya alinsunod sa lalong dalisay na kaugaliang amerikano. Kaya, apatnapu't walong oras pagkatapos na masakop ng amerikano ang Tacloban, ay isinalin na niya ang mga gawain ng pamahalaan sa ating Commonwealth. At ngayon sa lunsod na ito ng Maynila ay kanyang isinasagawa ang gayon ding tuntunin.

Sa lahat ng matatapang na tauhan ng Hukbo ng Estados Unidos, ay iniuukol ko ang di-mapapantayang utang na loob, ang pinakamataas na paghanga at ang walang-katapusang pasasalamat ng áting bayan dahil sa kanilang mga tagumpay. Sila'y naparitong kapatid sa pananandata, na nakatalaga at nangatatalaga sa banal na gawaing mapasauli ang ating mga kalayaan.

(Buklatin sa pahina 16)

## HIHINTAYIN KITA

(Buong-pusong inihahandog kay Tenyente Antonio L. Ledesma ng PEFTOK sa Korea.)

*Nang umalis ikaw, wika mong malambing,*
*huwag kainipan at babalik ka rin;*
*Nguni't kay tagal na ang lumipas mandin,*
*bakit hangga ngayo'y di pa dumarating!*

*Sang-libo nang saglit, oras ang lumipas*
*na idinudulot sa akin ay hirap;*
*Umaasa pa rin akong walang pingas*
*na babalik ka rin sa dati tang pugad.*

*Sakaling nalimot mo na akong kusa*
*na dahil sa iyo'y laging lumuluha;*
*Ang tanging samo ko sana'y isadiwa.*
*kaputol ng langit ang sariling lupa.*

*Sa pakikilaba'y huwag lilimuting*
*kasama-sama mo ang aking dalangin;*
*Maging sa pagtulog at saka pagkain,*
*ang kaligtasan mo'y limit kalamayin.*

*Sa malayong lupa'y laging isaloob,*
*binabantayan ka ng aking pag-irog;*
*Pag ikaw'y nasawi sa pakikihamok,*
*ang puso ko'y siyang unang madudurog.*

*—ENRIQUETA L. ROMERO*

## Hamak na Dakila

(Karugtong ng nasa pahina 12)

pagsisisi at pagkaawa. Ngayon ko lamang nakilalang ang hamak na nilikhang ito na aking pinagmalupitan, kailan man ay hindi nagtangkang lumaban sa kanyang panginoon bagkus lalo pang naging tapat sa kanilyang paglilingkod at nagtaya pa rin ng buhay dahil sa amin. Noon ko lamang nasukat ang kaniyang kadakilaan. Kung isang tao lamang marahil ang pinagmalupitan ko tulad ng aking ginawa kay Brownie, marahil ay hindi na niya kami ipagsasanggalang pa bagkus paghihigantihan, pagbabantaan, o dili kaya'y maghahangad pa ng aking kasawian at kapahamakan. Subali't si Brownie ay nagtiis, nagpaumanhin, at ngayo'y nasa pagitan siya ng buhay at kamatayan sa pagtupad sa kaniyang tungkulin. Lihim akong namuhi sa aking sarili at nasabi kong pag nagkataon ay parurusahan ako ng sarili kong budhi.

—Itay, wala na ba'yong gamot na ipinaiinom ninyo?—ang naliligalig kong tanong kay ama.

—Eto nga at ipinagtitimpla kong muli. Asukal lang ito. Ang asukal ay mainam na gamot sa nalalason, —ang tugon ni ama.

Muli naming pinainom si Brownie.

—Sige pa, Brownie, at nang ikaw ay gumaling, —aniko.

Talagang nais pa ring mabuhay ng kahabag-habag pagka't kahi't na siya naghihirap ay pinagpilitan pa rin niyang inumin ang idinulot naming gamot. Sa unang pagkakataon ay naipagdasal ko si Brownie. Noon ko lamang nadama ang malaking pagmamalasakit ko sa kaniya.

—Diyos ko, itulot mo pang mabuhay pa si Brownie upang siya'y aking mapagpala at magantihan sa kaniyang kabutihan at kadakilaan! —ang aking dalangin.

At hindi ko na nilisan pa si Brownie habang siya'y dumaraing. Nagpuyat kaming dalawa ng aking ama.

Sa wakas ay dininig din ni Bathala ang aking dalangin. Natigil ang paghalinghing ni Brownie at siya'y nakatulog. Mag-uumaga na noon, maingat kong inilapag ang kaniyang ulo upang hindi siya magising.

Nagbalik kaming muli sa aming higaan, at bago ako muling nakatulog ay minsan ko pang idinalangin ang kaniyang kaligtasan. Kinaumagahan ay hindi pa sana ako magigising kung hindi ko naramdamang may humihila ng aking kumot. Madali akong nagbangon at nakita kong mataas na ang araw. Nang ibaba ko ang aking paningin ay nakita ko si Brownie, kagat-kagat pa rin ang aking kumot at masiglang ikinakawag-kawag ang kaniyang buntot. Tumayo siya at nagpaikut-ikot. Nagsisinungaling na


*Tanging Inihanda ukol sa mga*

**SANGGOL AT BATA**




**Mula sa pagiging SANGGOL hanggang sa LUMAKI, kailangan ng isang bata ang METRO'S CASTORIA na may TIKI-TIKI upang ipagsanggalang siya laban sa BERI-BERI, DIARRHEA, DI PAGKADUMI, SAKIT NG TIYAN, at KOMBULSIYON.**

**Ang METRO'S CASTORIA na may TIKI-TIKI ay nagtataglay ng "Wormseed Oil" na mabisa laban sa impeksiyon ng mga bulate.**


*Kailangang maging*
**METRO'S CASTORIA NA MAY TIKI-TIKI**
*upang maasahan...*

Mabibili sa lahat ng Botika
*Mga Tagapamahagi*
**METRO DRUG CORP.**
880-882 Abenida Rizal, Maynila

FORMULA: Each 8 fluid ounce contains:
Alcohol by volume, 8%.

| | | |
|---|---|---|
| Senna | 21.32 | gms. |
| Pumpkin seed | 2.22 | gms. |
| Sodium salicylate | 0.11 | gm. |
| Tiki-tiki Extract | 15.00 | cc. |
| Wormseed | 1.11 | gms. |
| Rochelle salt | 3.68 | gms. |
| Sodium bicarbonate | 0.44 | gm. |
| Flavored Syrup | | q. s. |

# Mga Moda Ng Damit


















E.C.A.

**KALENDARYO NG MAGSASAKA**

Inilalathala ng "Bagong Buhay" at ng Pangasiwaan sa Pagtutulungang Pangkabuhayan ng E.U. ukol sa kagalingan ng mga magsasaka sa Pilipinas.

# PAGTATAGO NG PALAY




## B. Ingatan ang inyong palay! Ingatan ang pagkasira nito, kalabanin ang maliliit na hayup.


### 8. ITAGO SA BANGAN ANG PALAY NG INYONG PAMILYA.





### 9. SA PAGTATAGO NG BINHI



10. Itago ang gagawing binhi sa malinis at tuyong lata ng gaas. Kakailanganin ninyo ang apat na de-5 galong lata ng binhi ukol sa bawat ektaryang taniman.



11. Ang palay ay dapat isilid sa lata pagkaraang patuyuin ito sa ilalim ng mainit na araw. Takpan agad ang lata.



12. Pasakan ang lata ng kandila o kola upang mailigtas ang inyong palay sa maliliit na hayup at lamig.

**13. INGATAN ANG INYONG PALAY. MAGBANAT KAYO NG BUTO AT MAGSUNOG NG BALAT UPANG MAPATUBO ANG INYONG PALAY. HUWAG BAYAANG MASIRA AT MAGKABUKBOK. HUWAG BAYAANG MAKAIN NG MALILIIT NA HAYUP O MGA IBON O MGA DAGA.**

**Mahigpit . . .**

(Karugtong ng nasa pahina 12)

kung siya magaling na, kung inaakala mong ang maulap na langit sa kanyang buhay ay tuluyan nang naparam, magbalik ka sa akin, mahal ko, at ako'y laging maghihintay sa iyo...

Mahigpit na yakap ang isinukli ni Arturo pagkatapos sambitin ni Remy ang gayong mga kataga. Hindi niya napapansing may luha nang umagos sa kanyang pisngi dahil sa pasasalamat sa kadakilaan ng puso't kalooban ng asawa, nguni't...

Ang yakap na iyon ay naglubag. Hinawakan ni Arturo ang baba ng asawa at nakangiting nagwika ng:

—Remy, wala ka bang nababasa sa aking mga mata?

—Hindi kita maunawaan, Arturo.

—Maupo tayo, Remy, at pakinggan mo ang aking sasabihin.

Nang sila'y nakaupo na, muling narinig ni Remy ang ilang katok sa pintuan.

—May tao, Arturo, gayong hatinggabi na?

—Sandali lang at bubuksan ko ang pintuan.

Nang magbalik si Arturo, nasa kabahayan ay ang pumasok sa kahabayan ay ang dalawang matanda na naging panauhin nila nang gabi ring iyon.

—Remy, — ani Arturo, — sila ang magpapaliwanag sa iyo ng lahat.

—Remy, —anang matandang babae nang mapansing tila natitigilan ang babae,—kami ay mga kamag-anak ng iyong asawa na galing pa sa lalawigan. Ngayon lamang kami napaluwas at ngayon lamang namin nalaman na ang aming pamangking si Arturo ay may asawa na.

—Ang ibig po ba ninyong sabihin ay...

—Oo, Remy, —sabad ng matandang lalaki, —kami ay kinasabuwat lamang ni Arturo upang matupad ang kanyang isang mahigpit na pagsubok sa iyo. Wala siyang nakikilalang Dolores na katulad nang sinabi sa iyo.

—Nguni't ang kalapating puti?

Magkasabay na nagtawa ang tatlo. Pagkatapos, muling nangusap ang matandang babae.

—Kaming mag-asawa ang may dala ng kalapating puti na aming inihagis sa inyong durungawan.

Hindi na kumibo si Remy. Nagyuko na lamang siya ng ulo.

—Remy, —pukaw ni Arturo,— nagagalit ka ba?

Nagtaas ng mukha ang babae, at:

—Hindi, Arturo, naliligayahan ako sapagka't nakalagpas ako sa isa mong mahigpit na pagsubok...

At, pagkasabi nito, nagtindig si Remy at nilapitan ang dalawang matanda at humalik ng kamay.

—Remy, —anang matandang babae, —isa kang babaing karapat-dapat idambana sa puso ng isang lalaking tunay na nagmamahal sa iyo. Dakila ka, Remy! (X)




## Ganyan Lamang . . .

(Karugtong ng nasa pahina 12)

na kapatid na iniwan niya sa Pilipinas sa tangkilik ng kanyang Tiyo Panyong. Nais sana niyang padalhan ng kaunting halaga nguni't minarapat niyang sumulat muna upang matiyak kung ito'y nasa dati pa ring tinitirhan.

Nang matanggap ni Mang Panyong ang liham ng pamangkin ay lalong nagsiklab ang kalooban ng matanda. Para sa kanya ay hindi sulat lamang ang kanyang hinihintay kundi salaping makatutulong sa kanilang paghihikahos. Sa ganito'y sumagot ang matanda sa sulat ng pamangkin. Mahahayap na salita ang kanyang ginamit upang ipadama kay Kadio ang kanyang mga panunumbat dahil sa maling palagay niya na si Kadio ay talagang walang utang na loob.

Si Kadio ay hindi nakahuma nang tanggapin ang liham. Nababag siya sa kanyang mga kapatid. Para niyang nakikinikinitang ang mga ito'y aping-api sa kanyang Tiyo Panyong. Para niyang naririnig na ang mga pag-alimurang tinatanggap ng mga ito ay yaong mga salitang siya rin niyang tinangap nang siya'y pinanghihinawaan na ng kanyang Tiyo Panyong. Sa ganitong guniguning naglaro sa isipan ni Kadio ay nagbago siya ng pasiya. Inisip niyang umuwi kaagad sa Pilipinas upang matangkilik ang kanyang mga kapatid.

Isang araw ay may nakatagpo si Kadio na isang Pilipinong nagtungo sa Lupain ng mga Dolyar upang mag-aral ng mga bagay-bagay ukol sa negosyo. Nang makilala nito si Kadio ay inalok kaagad ang binata upang magbalik sa Pilipinas at pangasiwaan ang kanyang malalaking sine sa Maynila. Ayon sa kanilang pinag-usapan, si Kadio ay pasasahurin ng isang libong piso isang buwan at walang bayad na gugol sa pasahe ng pagbalik sa lupang tinubuan. Nagalak na tinanggap ni Kadio ang alok sa kanya kaya't matapos maihanda ang lahat ng kailangan ay nagpaalam siya kay Ten. Hemann upang bumalik na sa Dulong Silangan. Ang lungkot ng kanyang tagatangkilik ay gayon na lamang subali't wala itong nagawa pagka't talos nitong si Kadio ay mayroon pang maliliit na kapatid na dapat tangkilikin.

Nang dumating si Kadio sa Pilipinas ay una niyang tinungo ang tahanan ng kanyang Tiyo Panyong, subali't gaanong pagkabigla ang tinamo ng binata nang maalamang ang kanyang dalawang kapatid ay matagal nang wala dito at sa ibang tao na naninirahan. Ibig-ibig na ni Kadiong talampakin ang kanyang Tiyo Panyong subali't nakuha pa rin niyang magpakahinahon. Nagpaalam siyang mabanayad at hinanap ang kanyang mga kapatid. Salamat naman at nasumpungan niya ang mga ito.

Panatag na si Kadio sa kanyang hanap-buhay. Malaking halaga ang ipinasahod sa kanya. Ang magandang anak ng may-ari ng mga sineng kanyang pinangangasiwaan ay siya niyang nakaisangpalad kaya't ang kanilang kabuhayan ay lalong umunlad.

Isang araw ay dumalaw si Kadio sa kanyang Tiyo Panyong na sakyan. Kagaya ng kanyang nalulan ng kanyang magarang sakaugalian ay humalik siya rito ng kamay. Sa simula'y ayaw ilabot ng matanda ag kanyang kamay upang igawad kay Kadio ang kanyang bendisyon, subali't maagap si Kadio. Walang nagawa ang matanda kundi pagpalain ang pamangkin na gayong nababatid niyang nagkakamal na ng salapi ay di rin nagbabago sa kanya.

—Kadio, — anang matanda, — patawarin mo ako, anak, sa aking naging kalupitan magkakapatid.

—Tiyo, wala kayong ihingi ng tawad. Ako p dapat magpasalamat pangyayari pagka't ku hindi tinikis ng palad na ako nagtagumpay, -- pa bigay katwiran ni Kadio sa kanyang Tiyo Panyong.

—Ay, Kadio,—buntong-hininga ng matanda, — talagang GANYAN LAMANG ANG BUHAY!

Sa amuki na rin ni Kadio ay kinupkop nilang mag-asawa ang kanilang Tiyo Panyong at ang mga anak nito'y pinapag-aral pa nila. A, ang buhay nga naman ng tao! (X)






# Mga Magsasaka:

# May SULIRANIN Ba Kayo?

Huwag kayong mabahala . . . kung mayroon kayong mga suliranin o anumang bagay na nais malaman tungkol sa pagsasaka, pagbaka sa mga hayop na sumisira sa tanim, wastong pag-aalaga ng mga halaman at iba pang mahahalagang bagay ukol sa pagbubukid... subaybayan lamang ang lingguhang lathala sa Magasin ng Bagong Buhay at matutumpak ang inyong mga hakbang.

***Ang pitak sa Magasin ng Bagong Buhay ukol sa pagsasaka ay inihahandog sa inyo sa pagt utulungan ng***

E.C.A. at Bagong Buhay